


Music

Unang Markahan – Modyul 2: Gumalaw sa Pantay na Kumpas



**Music – Ikalawang Baitang
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan – Modyul 2: Gumalaw sa Pantay na Kumpas
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon pa man, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang bahagi ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Maribel L. Leybag
Editor:	Arnold S. Galvez, Roselyn T. Salum, Mark G. Asuncion, Cherry Lou O. Calison, Marie Ann C. Ligsay
Tagasuri:	Charina S. Sogue, Engelbert B. Agunday
Tagaguhit:	Jiffy F. Claro
Tagalapat:	Jezreel Dave L. Leybag
Tagapamahala:	Nicolas T. Capulong, Librada M. Rubio, Ma. Editha R. Caparas, Nestor Nuesca, Jayne M. Garcia, Beverly T. Mangulabnan, Eleanor A. Manibog

Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng _____

Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon III

Office Address: Matalino St., Diosdado Macapagal Government Center,
Maimpis, City of San Fernando (P)

Telefax: (045) 598-8580 to 89

E-mail Address: region3@deped.gov.ph

2

Musika

Unang Markahan – Modyul 2:
Gumalaw sa Pantay na Kumpas

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin


Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang makapagsasagawa ng mga kilos na pagpalakpak, paglakad, pagpadyak, pagtapik at pag tugtog ng instrumento sa pantay na kumpas. **(MU2RH-Ic-4)**





Subukin

Awitin ang “Bahay Kubo”. Sabayan mo ito ng kilos o galaw na iyong nais.



Bahay Kubo

Bahay Kubo, kahit munti
Ang halaman doon, ay sari- sari
Singkamas at talong, sigarilyas at mani
Sitaw, bataw, patani, kundol, patola
Upo't kalabasa, at saka mayro'n pang
Labanos, mustasa, sibuyas, kamatis
Bawang at luya, sa paligid-ligid ay puno ng linga.

Bahay Kubo

Ba- hay - ku bo ka - hit - mun - ti, ang ha-la-man do -
7 on ay sa-ri sa - ri. Sing-ka-mas at ta-long si-ga - ril - yas, at ma-ni si -
14 taw, ba - taw, pa-ta - ni. Kun-dol pa-to - la u - po't ka-la-ba -
21 sa at sa-ka may-ron pang la-ba-nos-mus-ta - sa. Si bu-yas ka-ma - tis. Ba -
28 wang at lu - ya, sa pa-li - gid - li - gid ay pu-no ng li-nga

Nagustuhan mo ba ang iyong inawit?

Anong kilos o galaw ang iyong isinagawa habang umaawit?

Aralin


1

Gumalaw sa Pantay na Kumpas


Kinagigiliwang gawain ng batang tulad mo ang pagpalakpak, paglakad, pagpadyak, pagtapik at pagtugtog ng instrumento. Maaari mong gawin ito nang may pantay na kumpas ayon sa iyong pandinig at pandama. Subukan mong damahin ang iyong pulso sa leeg. Itapik mo sa iyong hita ang daloy ng iyong pulso. Pareho ba ito o nag-iiba?

Awitin ang “Sampung mga Daliri,” sabayan ito ng pagpalakpak sa kumpas na dalawahan.


Sampung mga Daliri




Sam- pung mga Da- li- ri -Ka- may at pa- a



Da- la- wang tai-nga, Dala- wang mata I - long na- ma-gan-da



Ma- li- li- nis na ngi- pin Ma-sa- rap ku-ma- in



Dil lang ma-lil it nag- sa-sa-bing 'wag kang mag-si- nu-nga-ling.



Sampung mga Daliri

Sam-pung-mga da-li - ri - ka-may at pa-a da-la wang tai-nga, da-la-

wang ma-ta i-long na-ma-gan-da Ma-li - li-nis na ngi - pin,ma-sa-rap - ku-ma - in Di-

lang - ma-li - it nag - sa - sa - bing 'wag kang mag-si - nu - nga - ling.



Balikan

1. Anong kilos ang iyong isinagawa sa pag-awit ng “Sampung mga Daliri”?
2. Ano ang kumpas ng awit?
3. Ano ang napansin mo sa pulso ng awit habang ikaw ay pumapalakpak?
4. Anong dapat tandaan upang makasunod sa tamang kumpas?




Tuklasin


Ang **beat** o kumpas ay ang pulso na nadarama natin sa musika. Ito ay maaring bumagal o bumilis subalit ang haba ng bawat pulso ay laging pareho. Ito ang tinatawag nating **steady beat** o pantay na kumpas. Maaari tayong gumamit ng mga kilos tulad ng pagpalakpak, pagtapik, pagmartsa at pagtugtog ng instrumentong panritmo upang maipakita ang pulso ng musika.

Ang panandang guhit o **stick notation** (|) ay nagpapakilala ng pulso ng tunog.


Awitin ang “Magtanim ay ‘Di Biro.” Sabayan ito ng pagpalakpak sa pantay na kumpas. Ulitin ito ng dalawang beses.



Magtanim ay 'Di Biro



Mag - ta - nim ay 'di bi - ro, magha - pong na - ka - yu - ko



'Di man lang ma - ka - u - po. 'Di man lang ma - ka - ta - yo

Magtanim ay 'Di Biro



Mag - ta - nim ay 'di bi - ro, Mag - ha - pong na - ka - yu -



ko. 'Di man lang ma - ka - u - po, 'di man lang ma - ka - ta -



yo



Surin

Panuto: Piliin at isulat ang titik ng tamang sagot.

1. Ilang palakpak ang tinutukoy rito? $\left. \begin{array}{c} | \quad | \\ \text{pak} \quad \text{pak} \end{array} \right\}$
A. 4 B. 3 C. 2 D. 1
2. Ilang stick notation o panandang guhit ang tinutukoy rito? $\left. \begin{array}{c} | \quad | \quad | \\ | \quad | \quad | \end{array} \right\}$
A. 3 B. 4 C. 5 D. 6
3. Ilang stick notation o panandang guhit ang tinutukoy rito? $\left. \begin{array}{c} | \quad | \quad | \quad | \\ | \quad | \quad | \quad | \end{array} \right\}$
A. 3 B. 4 C. 5 D. 6
4. Ilan ang panandang guhit sa bawat sukat?
 $\left. \begin{array}{c} \blacksquare \text{ IIII} \quad \blacksquare \text{ IIII} \quad \blacksquare \text{ IIII} \quad \blacksquare \text{ IIII} \quad \blacksquare \\ \blacksquare \end{array} \right\}$
A. 1 B. 2 C. 3 D. 6
5. Ang pagsasagawa ng kilos nang may pantay na kumpas ay kinakailangan ng lubos na _____.
A. pakikinig
B. pandama
C. pagmamasid
D. lahat ng nabanggit



Pagyamanin

Gawain 1

A. Awitin ang “Ako ay may Lobo.” Habang umaawit ay sabayan ng pagtugtog gamit ang anumang instrumentong pangritmo na makikita sa iyong paligid gaya ng pares ng patpat, basyong bote o kutsara’t tinidor.

Ako ay may Lobo



A-ko ay may lo-bo. Lu-mi-pad sa la-ngit.



‘Di ko na na-ki - ta, pu-mu-tok na pa-la.



Sayang lang pe-ra ko pinambi-li ng lo- bo



Sa pagka-in sa-na’y na-bu-sog pa a- ko.

Ako ay may Lobo



A-ko ay may lo - bo. Lu-mi-pad sa la - ngit 'Di ko na na - ki -



ta pu-mu-tok na pa - la. Sa-yang lang pe-ra ko, pi-nang-bi- li ng lo -



bo. Sa pag - ka - in sa - na'y na - bu - sog pa a - ko.

B. Sagutin ang mga tanong. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ano-anong bagay ang iyong ginamit sa pagtugtog?
2. Anong kilos ang iyong isinagawa upang maipadama ang daloy ng pulso ng awit?
3. Ano ang kinakailangan sa pagsasagawa ng kilos na may pantay na kumpas?
4. Ano ang tawag sa haba ng daloy ng tugtog na laging pareho mula simula hanggang sa ito ay matapos?
5. Ilang panandang guhit o stick notation mayroon sa bawat sukat ang awit na "Ako ay May Lobo"?

Gawain 2

A. Awitin ang “May Tatlong Bibe.” Sabayan ito ng pagpalakpak sa pantay na kumpas.



May Tatlong Bibe

1 2 3 4 1 2 3 4
 | | | | | | | |

May tat-long bi- be a-kong na-ki- ta

1 2 3 4 1 2 3
 | | | | | | |

Mataba mapayat, mga bi - be,

4 1 2 3 4 1 2 3 4
 | | | | | | | |

Ngu - nit ang may pakpak sa li- kod ay i - isa

1 2 3 4 1 2 3 4
 | | | | | | | |

Siya ang li -der na nagsa- bi ng kwak kwak

1 2 3 4 1 2 3 4
 | | | | | | | |

Kwak kwak kwak . Kwak kwak kwak .

1 2 3 4 1 2 3 4
 | | | | | | | |

Siya ang li-der na nagsa- bi ng kwak kwak

May Tatlong Bibe

May tatlong bi be a kong na ki ta Ma ta ba ma payat, mga_ bi be. Ngu

5 nit ang may pak pak sa li kod ay i i sa sya ang li der na nag sa bi ng kwak kwak

9 kwak kwak kwak kwak kwak kwak sya ang li der na nag sa bi ng kwak kwak

Muling awitin ang “May Tatlong Bibe” at sabayan ito ng pagpadyak sa pantay na kumpas.

B. Ano ang kinakailangan sa pagsasagawa ng kilos na may pantay na kumpas? Isulat ang yong sagot sa iyong sagutang papel.



Isaisip

Ang daloy ng pulso sa musika ay maaring mabagal o mabilis subalit ang haba ng bawat pulso ay laging pareho. Ito ang tinatawag nating steady beat o pantay na kumpas. Maipahahayag natin ito sa pamamagitan ng mga kilos o galaw na lilinang sa ating kakayahan na maisaayos ang ating mga pandama gaya ng panandang guhit o stick notation (|) ay nagpapakilala ng pulso ng tunog.




Isagawa


Awitin ang “Leron Leron Sinta” at sabayan ito ng pagpalakpak sa pantay na kumpas.




Leron Leron Sinta




 Le-ron Le-ron sin-ta Bu-ko ng pa-pa-ya



 Da-la da-la'y bus-lo Si-sid-lan ng bu-nga



 Pag-dating sa du-lo'y Na-nali ang sa-nga



 Ka-pos ka-pa-la-ran, Hu-ma-nap ng i-ba.

Leron Leron Sinta



 Le-ron le-ron sin-ta, Bu-ko ng pa-pa-ya. Da-la-da-la'y bus-lo, si-



 sid-lan ng bu-nga Pag-da-ting sa du-lo'y na-ba-li ang sa-nga Ka-pos ka-pa-la-ran, hu-



 ma-nap ng i-ba.




Tayahin


Panuto: Bigkasin nang patula ang "Ako'y May Alaga" at sabayan ng pagpalakpak sa pantay na kumpas.



Ako'y may Alaga




Ak ko'y may a- laga, asong mata- ba



Bun -tot ay ma- haba, ma- amo ang muk- ha



Ma- dal n'ya a- ko, ma- hal ko rin s'ya



Ka- ya kaming dala-wa ay laging mag- kasama.

Sagutin ang mga tanong at isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. Sa iyong ginawang pagpalakpak, ano ang pulso ng daloy ng tula?
 - A. mabilis
 - B. katamtaman
 - C. magkakaiba ang daloy
 - D. walang pulso ang daloy

6. Pareho ba ang haba ng bawat pulso ng tula?
 - A. Opo
 - B. Hindi
 - C. Iba-iba
 - D. Walang daloy

3. Ilang stick notation o panandang guhit ang iyong magagawa sa bawat sukat ng tula?
 - A. 2
 - B. 3
 - C. 4
 - D. 5


4. Paano mo naipahayag ang steady beat o pantay na kumpas sa tula?
 - A. pagpalakpak
 - B. pagpadyak
 - C. pagmartsa
 - D. pagsayaw

5. Anong dapat tandaan upang makasunod sa pantay na kumpas?
 - A. Kailangan ng lubos na pakikinig at pandama
 - B. Kailangan na lubos na pagpalakpak
 - C. Kailangan ng lubos na pagpadyak
 - D. Kailangan ng lubos na pag-awit



Karagdagang Gawain

- A. Awitin at sabayan ng pagtapik sa mesa ang awit na “Maliit na Gagamba.” Ulitin ito ng dalawang beses.



Maliliit na Gagamba



Ma - li - li - it na ga - gam - ba u - mak - yat sa - sa - nga Du - ma - ting ang - u - lan at



i - li - na - boysi - la. Su - mi - kat ang a - raw na - tu - yo ang sa - nga Ma - li - li - it na



ga - gam - ba ay la - ging ma - sa - ya



Susi sa Pagwawasto

<p>Pagymanin</p> <p>Gawain 1</p> <p>A. Pagsasagawa</p> <p>B. 1. Instrumentong panitmo gay a ng pares na patpat o bote at iba pa</p> <p>2. Pagtugtog</p> <p>3. Lubusang pakikinig at pandama</p> <p>4. <i>steady beat</i> o pantay na kumpas</p> <p>5. dalawa</p> <p>Gawain 2</p> <p>Pagsasagawa</p> <p>Pagsasagawa</p> <p>Kailangan ang lubos na pakikinig at pandama</p>	<p>Suriin</p> <p>1. C</p> <p>2. A</p> <p>3. B</p> <p>4. C</p> <p>5. D</p> <p>Tayahin</p> <p>b</p> <p>a</p> <p>a</p> <p>a</p> <p>a</p> <p>c</p> <p>a</p>	<p>Balikan</p> <p>Pagpalakpak</p> <p>Dalawahan</p> <p>Pareho lagi ang daloy ng awit</p> <p>Kailangan ng lubos na pakikinig at pakiramdam</p> <p>Subukin</p> <p>optional</p>
--	---	--

Sanggunian

Finale Music Notation Software (version 26). Arranger.
MakeMusic, 2018

Gabay Pangkurikulum ng Musika sa Baitang 2. Inilimbag sa
Republika ng Pilipinas ng Kagawaran ng Edukasyon,
2020

Obmasca, Isidro Jr. *Patnubay ng Guro: Music, Arts, Physical
Education and Health-Ikalawang Baitang*. Unang
Edisyon. Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng
Kagawaran ng Edukasyon, 2013

Obmasca, Isidro Jr. *Kagamitan ng Mag-aaral: Music, Arts,
Physical Education and Health-Ikalawang Baitang*.
Unang Edisyon. Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng
Kagawaran ng Edukasyon, 2013

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph